**LUNSOD NG HAYWARD**
**PAHAYAG NG HALALAN**

**ISANG PAHAYAG ANG PINAABOT** na isang Pangkalahatang Halalang Pambayan ang gaganapin sa Lunsod ng Hayward sa Martes ika-8 ng Nobyembre 2022 para sa sumusunod na mamumuno:

| | |
|---|---|
| Para Punong Lunsod | Buong Terminong Apat na Taon |
| Para sa Dalawang Kasapi ng Sangguniang Panlunsod ng Hayward | Buong Terminong Apat na Taon |

Ang panahon ng pagmumungkahi para sa mga nabanggit na panunungkulan ay mag-uumpisa sa ika-18 ng Hulyo, 2022 at magtatapos sa ika-5 nang hapon ng ika-12 ng Agosto, 2022. Kung ang mga papeles ng pagmumungkahi para sa kasalukuyang nakatalagang namumuno sa lunsod ay hindi pa naihaharap nang ika-12 ng Agosto, 2022, palalawigin ang panahon ng paghaharap sa ika-5 nang hapon ng ika-17 ng Agosto, 2022

Ang mga kailangang papeles sa pagmumungkahi ay makukuha sa Tanggapan ng Panlunsod na Tagatala sa 777 B Street, Hayward, CA, sa pagitan ng Ika-8 nang umaga hanggang ika-5 nang hapon Lunes hanggang Biyernes. Ang mga kaalaman ay makukuha rin sa website ng Lunsod sa https://www.hayward-ca.gov/your-government/elections.

Kung wala o iisang tao lang ang iminungkahi sa isang hinahalal na tanggapan, ang pagtatalaga sa hinahalal na tanggapan ay maaaring isagawa ayon sa Section 10229, Elections Code ng Estado ng California.

Ang mga lugar ng halalan ay bukas sa pagitan ng ika-7 nang umaga hanggang ika-8 nang gabi sa Araw ng Halalan.

ITINAKDA: Ika-21 ng Hulyo, 2022
Miriam Lens, Panlunsod na Tagatala
LUNSOD NG HAYWARD